

## **Binuksan na ang “Kawasaki Ward Childcare and Childrearing General Support Center!”**

Kapag ang ama o ina ay hindi maaalagaan ang bata sa bahay dahil sa trabaho, maaaring ipaalaga ang bata.

May lugar na maaring maglaro ang mga batang 0 yr. old hanggang bago pumasok ng elementarya at pati na rin ang mga magulang.

Kapag may ikinababahala at kahirapan sa pag-aalaga o pagpalaki ng bata, mangyaring pumunta lamang sa Kawasaki Ward Childcare and Childrearing General Support Center.

Para sa mga detalye: Kawasaki Ward Childcare and Childrearing General Support  
Center

TEL 044-201-3319 FAX 044-211-0637

## **Health Check-up para sa mga batang papasok ng elementarya mula April 1**

Simula Nov. 1 hanggang 29, susuriin ang katawan ng batang papasok sa pampublikong elementarya ng lungsod mula April 1 kung malusog ba o hindi. Magpapadala ng sulat ukol dito sa kalagitnaan ng October. Para sa mga anak ng banyagang naninirahan sa lungsod na papasok sa elementarya mula April 1 na hindi pa nagpalista sa City Office, mangyaring tumawag sa Board of Education Health Education Division

Para sa mga detalye: Board of Education Health Education Division

TEL 044-200-3293 FAX 044-200-2853

## **Para sa mga batang nais pumasok sa pampublikong elementarya at junior high school mula April**

Para sa mga nakatira sa Kawasaki City na angkop sa sumusunod na ①② na banyagang may anak na nais pumasok sa pampublikong elementarya o junior high school mula sa April, mangyaring kumonsulta sa Ward Office o City Office ng tinitirhang lugar. Hindi na kailangan ang mga dokumento para sa mamumuhay dito sa Japan.

① Batang nais pumasok sa elementarya na ipinanganak ng April 2, 2013 hanggang April 1.

② Batang nakatakdang magtatapos ng elementarya sa March.

Para sa mga detalye: Kawasaki Ward Office Residents Division TEL 044-201-3141

Daishi Branch Office Residents Center TEL 044-271-0138

Tajima Branch Office Residents Center TEL 044-322-1969

## **“Hagukumi no sato (community garden) Autumn Harvest Thanksgiving Festival” Event**

Petsa/oras : Nov. 9 10:00a.m – 12 : 00 noon

Lugar : sa loob ng Fujimi Park 「Hagukumi no Sato (Community Garden)」

- ① Pagtanim ng batang- damo at puno ng Viola (ward' s flower)
- ② Pagbubungkal ng kamote (100yen /langkay)
- ③ Pagbebenta ng mga pagkain at miso- shiru na gawa sa mga gulay na na-ani sa Hagukumi no sato.
- ④ Pagdaklot ng ginnan (gingko nuts) atbp.

Para sa mga detalye : Fujitsu Stadium Kawasaki (Administrator: Kawasaki Frontale)

TEL 044-276-9133 FAX 044-276-9144

### **HIV Test**

Maaaring magpasuri kung nagka-impeksyon ng HIV. Malalaman din ang resulta ng pagsusuri sa mismong araw ng pagpapa-checkup. Kinakailangan ang aplikasyon. Libre (0 yen) ang pagpa-checkup.

Petsa at Oras : ① Nov. 5 8:45a.m ~9:45a.m (maaring mag-apply mula Oct. 15)

② Nov. 19 8:45a.m ~ 9:45a.m (maaring mag-apply mula Nov. 5)

Lugar: Ward Office 5<sup>th</sup> floor

Paraan ng pag-apply: Mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono : Maaaring magpasuri sa ① ang unang 10 kataong tumawag at sa ② ay 30 katao.

Para sa pag-apply at iba pang katanungan : Ward Office Hygiene Section

TEL 044-201-3204

### **Dental na pagsusuri para sa mga 1 yr. old**

Ito ay pagsusuri sa ngipin para sa mga bata magiging hanggang 1yr. 3mths.old na nakatira sa Kawasaki Ward. Kinakailangan ng aplikasyon. Walang bayad ( 0 yen) ang pagsusuri.

Petsa at Oras: Nov 22 8:45a.m ~ 10:00a.m

Lugar: Ward Office 5<sup>th</sup> floor

Paraan ng pag-apply: Mangyaring tumawag hanggang Nov. 20

Para sa pag-apply at katanungan: Kawasaki Ward Office Community Support Section

TEL 044-201-3212